Republika ng Pilipinas
Lungsod Quezon
SANGGUNIANG PANLUNGSOD
(City Council)

PR2001-163

Ika-4 na Pagpupulong

RESOLUSYON BLG. SP-1631, S-2001

IPINAPAABOT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD AT NG PAMAHALAANG LOKAL SA PAMAMAGITAN NINA KAGALANG-GALANG FELICIANO R. BELMONTE, JR., PUNONG LUNGSOD AT KAGALANG-GALANG HERBERT M. BAUTISTA, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, LUNGSOD QUEZON, ANG WAGAS NA PAGKILALA AT PAGBATI SA IGLESIA NI CRISTO SA IKA-87 NA ANIBERSARYO NG MULING PAGSIBOL NITO, SA IKA-33 NA ANIBERSARYO NG PAGTATAG NG MGA SANGAY NG IGLESIA NI CRISTO SA IBANG BANSA, AT SA IKA-26 NA ANIBERSARYO NG PAGTATAG NG NEW ERA UNIVERSITY NGAYONG IKA-27 NG HULYO, 2001.

---

Iminungkahi nina Konsehal ELIZABETH A. DELARMENTE, JORGE L. BANAL, JESUS C. SUNTAY, JULIAN M.L. COSETENG, ERIC Z. MEDINA, MARVIN C. RILLO, WILMA AMORANTO-SARINO, VICTOR V. FERRER, JR., BERNADETTE R. CRUZ-HERRERA, ROMMEL R. ABESAMIS, VOLTAIRE GODOFREDO L. LIBAN III, AIKO M. YLLANA, RAMON P. MEDALLA, ALLAN R. FRANCISCO, MARY ANN L. SUSANO, FRANZ S. PUMAREN, WENCEROM BENEDICT C. LAGUMBAY, DIORELLA MARIA G. SOTTO, DANTE M. DE GUZMAN, ALMA F. MONTILLA, ANTONIO E. INTON, JR., RICARDO R. DEL ROSARIO, RESTITUTO B. MALAÑGEN at ALMARIO E. FRANCISCO.
Tinangkilik nina Konsehal VINCENT P. CRISOLOGO at JANET M. MALAYA.

---

SAPAGKAT, ang Iglesia ni Cristo ay muling sumibol sa Republika ng Pilipinas at sa kamulatan ng tao, at opisyal na natala sa Pamahalaan noong ika-27 ng Hulyo 1914;

SAPAGKAT, matapos ang pagsibol ng Iglesia ni Cristo ay nagsimula ang malawakang pamamahayag ng banal na katotohanan at mabuting balita ng kaligtasan ng tao laban sa kasalanan mula sa banal na aklat, sa dako ng Tipas, Rizal;

SAPAGKAT, ang muling pagsibol ng Iglesia ni Cristo ay hindi nagpagapi sa mga paunang pag-uusig na kanyang dinanas mula sa iba't-ibang sektor ng lipunan;

SAPAGKAT, sa kabila ng pag-uusig laban sa Iglesia ni Cristo na nabanggit ay nakapagtatag pa ito ng mga sangay sa iba't-ibang bansa pangunahin sa Hawaii noon ika-27 ng Hulyo 1968 at ngayon ay mayroon ng mga sangay sa mahigit animnapung (60) bansa sa buong mundo;

---

SAPAGKAT, sa kabila ng pag-uusig at iba pang pagsubok, naitatag pa ng Iglesia ni Cristo ang New Era University noong ika-27 ng Hulyo 1975;

SAPAGKAT, batid natin at ng mga naninirahan hindi lamang sa ating Lungsod kundi sa iba't-ibang dako ng kapuluan, at nang mga dakong nalaganapan ng Iglesia ni Cristo na ang Relihiyong ito ay higit na nakasusunod sa pagpapaunlad ng kapaligiran, sa pagtaas ng antas ng kabuhayan at kultura ng mga naninirahan bukod sa pagtulong sa kapuspalad.

NGAYON, SAMAKATUWID,

PAGTIBAYIN NAWA, HABANG PINAGTITIBAY ITO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON SA PAGPUPULONG, ang pagpapaabot ng Sangguniang Panlungsod at ng Pamahalaang Lokal sa pamamagitan nina Kagalang-galang Feliciano R. Belmonte, Jr., Punong Lungsod at Kagalang-galang Herbert M. Bautista, Pangalawang Punong Lungsod, Lungsod Quezon, ang wagas na pagkilala at pagbati sa Iglesia Ni Cristo, sa ika-87 na anibersaryo ng muling pagsibol nito, sa ika-33 na anibersaryo ng pagtatag ng mga sangay ng Iglesia ni Cristo sa ibang bansa, at sa ika-26 na anibersaryo ng pagtatatag ng New Era University ngayong ika-27 ng Hulyo, 2001.

PINAGTIBAY ngayong ika-24 ng Hulyo, 2001.

HERBERT M. BAUTISTA
Pangalawang Punong Lungsod at
Tagapamahala

PINATUTUNAYAN:

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

## PAGPAPATUNAY

Ito ay pagpapatunay na itong Resolusyon na ipinasa ng pangalawang pagbasa noong ika-24 ng Hulyo, 2001, ay kinumperma ng Sangguniang Panlungsod noong ika 31 ng Hulyo 2001.

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod